Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

7r'4

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG NOBYEMBRE 12, 2007, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:10 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT | ......... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | ......... | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas | ......... | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca | ......... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ......... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ......... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ......... | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit | ......... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | ......... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Ramon D. Tan | ......... | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion | ......... | Kagawad |

## KAPASIYAHAN BLG. 153-T'07

**KAPASIYAHANG INILILIPAT ANG HALAGANG P50,000.00 MULA SA PONDO SA REPRESENTATION EXPENSE BILANG KAPUPUNAN SA PONDO NG TRAVELING EXPENSE, LAHAT AY NASA PONDO NG MENTINANSYA AT IBA PANG GUGULIN NG TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN UPANG MAGAMIT NG MGA KAGAWAD NG NATURANG TANGGAPAN SA PAGDALO SA PHILIPPINE COUNCILORS' LEAGUE (PCL), GENERAL ASSEMBLY SA NOBYEMBRE 21-25, 2007, SA PUERTO PRINCESA, LUNGSOD NG PALAWAN.**

**SAPAGKA'T,** nakatakdang idaos ang General Assembly ng Philippine Councilors' League sa Puerto Princesa, Lungsod ng Palawan sa Nobyembre 21–25, 2007 na dadaluhan ng mga Kagawad ng Sangguniang Bayan:

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang sumusunod na:

## KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 18-T'07

**IPINAG-UUTOS** ng Kgg. Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna

**SEKSYON 1** – Ilipat ang halagang P50,000.00 mula sa pondo sa Representation Expense tungo sa pondo sa Traveling Expense, lahat ay nasa pondo ng Mentinansya at Iba pang Gugulin ng Tanggapan ng Sangguniang Bayan upang magamit ng mga Kagawad ng naturang tanggapan sa pagdalo sa PCL, General Assembly sa Nobyembre 21-25, 2007, sa Puerto Princesa, Lungsod ng Palawan, sa ikaaayos ng badyet sa taong ito.

**SEKSYON 2** – Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

**PINAGPASIYAHAN PA**: Na pagkalooban ng kapangyarihan ang Gumaganap na Pambayang Ingat-Yaman na makapagsagawa ng pamamaraan sa pagliliwat at paglalaan ng pondo batay sa mga patakaran at panuntunan sa pagbabadyet at pag-aawdit at ayon sa nilalayon ng kautusang ito.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

(karugtong ng Kapasiyahan Blg. 153-T'07)



KGG. LOUIE C. DE LEON
Kagawad

KGG. JUN M. ASINAS
Kagawad

KGG. ROMULO A. ELCA
Kagawad

KGG. RICARDO B. RAMIREZ
Kagawad

KGG. ROSELON F. PAMATMAT
Kagawad

KGG. ANGELITO U. LIMJUCO
Kagawad

KGG. ALDEN A. SULIT
Kagawad

KGG. MIKE JOMEL M. OMBICO
Kagawad

NAGPATOTOO:

alan T. Pamatmat

KGG. ALAN T. PAMATMAT
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Punong Bayan

8/11/15